

Mga Senyales ng Panahon at ang Dalawang 'Kaganapang Di-Naganap' sa 1872

Signs of the Times and the Two 'Events That Did Not Happen' in 1872

Emmanuel Jayson V. Bolata

University of the Philippines Diliman

ABSTRAK

Sa pamamagitan ng magkasalikop na historiograpiko at semiotikong lapit, sinusuri sa artikulong ito ang '1872' bilang sagisag ng mga kaganapan at pangyayari, nang may diin sa dalawang 'kaganapang di-naganap' na mababasa sa mga pagwiwika nina José Rizal noong 1889 at Teodoro Agoncillo noong 1958. Kabilang sa pagbasa ang pagkasangkapan sa konsepto ng 'sagisag,' gayundin ang pagdadalumat sa 'pangyayari' at 'kaganapan,' na iisa lamang sa pagwiwikang Ingles, kung hindi man Kanluranin—*event*.

Mga Susing Salita: 1872, Gomburza, pangyayari, kaganapan, *event*

ABSTRACT

Through a combined historiographic and semiotic approach, this article examines '1872' as a sign that signifies two concepts of 'event' in Filipino/Tagalog, *kaganapan* and *pangyayari*, with an emphasis on the two 'events that did not happen' (properly articulated as *kaganapang di-naganap*) that can be read from the articulations of José Rizal in 1889 and Teodoro Agoncillo in 1958. Included in this reading is the use of the concept of 'sign,' as well as the conceptualization of *pangyayari* and *kaganapan*, which both pertain to a single concept in English, if not Western, thought—*event*.

Keywords: 1872, Gomburza, *pangyayari*, *kaganapan*, *event*

Sagisag

Sa metodong historikal, tinutukoy ng mga historyador ang petsa upang katawanin ang mga kaganapan o pangyayari, at ang silbi at pook ng mga ito sa linyar na pagpapanahon. Mahalaga ang mga petsa o taon bilang tanda (*marker*) ng ikutang punto (*turning point*) sa gawain ng mga historyador na tinatawag na “pagpapanahon” (*periodization*). Ang pagpapanahon ay ang pagtukoy at pagtatakda ng panahon o yugto na pinagganapan/pinangyarihan ng mga kaganapan/pangyayari. Dito, minamarkahan ng simula at panapos na petsa ang panahon o yugto. Kadalasan, interpretasyon na ng historyador ang mga ngalan ng yugto, mula man sa halos literal na “panahon ng himagsikang Pilipino,” hanggang sa matatalinhagang “ang mahabang siglo 19” at “ang maikling siglo 20.”¹

Ang 1872 ay yugtong kinapapalooban ng (at kung gayon, kumakatawan sa) dalawang historikal na kaganapan: ang pag-aalsa sa Kabite mula gabi ng Enero 20 hanggang umaga ng Enero 22, at ang pagbitay sa tatlong paring martir na sina Mariano Gomes, José Burgos, at Jacinto Zamora sa patibulo ng Bagumbayan, Maynila noong Pebrero 17.²

Dulot ng naturang gampanin ng 1872 sa kasaysayang Pilipino, maiisip nating ang sagisag ay hindi isang bagay-sa-sarili-nito (*das Ding an sich*); ito ay bagay na palaging tungkol sa “ibang” bagay. Halimbawa, sa konteksto ng kasaysayang intelektuwal ng Europa, ang 1872 ay may ibang pakahulugan: inilimbag noong 1872 ang akda ng Alemang pilosopo na si Friedrich Nietzsche na *Die Geburt der Tragödie aus dem Geiste der Musik* (Ang Pagsilang ng Trahedy mula sa Diwa ng Musika, sariling salin). Kung gayon, sa halos iisang sandali,³ sa magkabilang panig ng daigdig, habang may nangyayaring pagpapatid ng hininga, may nangyayari ring pagsilang, pagsilang ng isang “pagsilang”—ang pagsilang ng trahedyang.

Kinasangkapan ng iba’t ibang awtor ang 1872 bilang sagisag (o sa ibang salita, dulot ng kakila-kilabot na pagbitay, bilang senyales ng panahon). Sa pangulong-tudling ng *La Solidaridad* noong 15 Pebrero 1892, ginugunita ang pagbitay sa Gomburza. Pinamagatang “16 de Febrero de 1872,”⁴ ganito ang pambungad ng artikulo: “Ngayong araw, dalawampung taon ang nakararaan, isinakdal na mamatay sa garrote vil ang tatlong paring Filipino: Burgos, Gomez, at Zamora. Binitay sila noong ikalabing-anim” (*La Solidaridad* 62–63, sariling salin) (“*Hoy hace veinte años, fueron*

condenados á morir en garrote vil tres clérigos filipinos: BURGOS, GÓMEZ Y ZAMORA. El día 16, fueron ejecutados). Ginagamit ng ibang awtor ang “mga kaganapan/pangyayari ng 1872,” tulad nina Manuel Artigas y Cuerva (“los sucesos de 1872”), Teodoro Agoncillo at Oscar Alfonso (“the events of 1872”), at Nicolas Zafra (“the [dreadful] events of 1872”) (Artigas y Cuerva; Agoncillo & Alfonso 157; Zafra 60). Minsan, may palayaw pa ang 1872, ang pinaikling ‘72, na mababasa sa nabanggit nang artikulo sa *La solidaridad* (“el ‘72”) at sa mga sulatin ni Nick Joaquin (“‘72; “memory of ‘72”) (*La solidaridad* 62; Joaquin 9).

Sa paggamit ng 1872, may ilang awtor na binigyang-diin ang pag-aalsa sa halip na ang pagbitay sa tatlong pari. Sa kaniyang *El progreso de Filipinas* (1881), hinanay ng ilustradong si Gregorio Sancianco ang “insureksiyong militar ng Cavite ng 20 Pebrero 1872” (“*la insurreccion militar de Cavite el 20 de Febrero de 1872*”) sa mga naunang paghihimagsik nina Andres Novales (1852) at Jose Cuesta (1854) (Sancianco 108, sariling salin).⁵ Sa interpretasyon naman ni Amado Guerrero (Jose Maria Sison) sa kaniyang *Philippine Society and Revolution* (1970), higit niyang pinagtuunan ng pansin ang aksiyon ng masa kaysa sa parusa sa mga pari.

Ang pag-aalsa, sa katunayan, ay isang gawi ng paghihimagsik ng inapang masa na pinasimulan ng mga manggagawa sa pagawaang nabal sa Kabite na binibigyan ng mababang sahod at pinapasailalim sa iba’t ibang anyo ng kalupitan Ipinahayag ng tatlong pari, na isinakdal ng Espanyol na gobernador-heneral at mga prayle, ang kanilang kawalang-kasalanan hanggang sa dulo. Ang estilo ng pagpapahayag ng pampolitikang di-pagkakasangkot ay naging katangian ng mga ilustrado magmula noon. (Guerrero 13, sariling salin)

The mutiny was essentially an act of rebellion of the oppressed masses initiated by workers at the Cavite naval stockyard who were subjected to low wages and various forms of cruelty The three clerics who were condemned by the Spanish governor-general and the friars pleaded their innocence until their end. The style of pleading political innocence characterized the ilustrados from then on.

Ngunit mas marami ang nagbigay-diin sa halaga ng pagkamartir ng tatlong pari. Sa kanilang pagpapanahon, sinimulan ng mga historyador na sina Leandro

Fernandez, Nicolas Zafra, at Samuel K. Tan ang yugto ng kilusang propaganda sa 1872 (Alip 80–81; Tan 61–62). Para sa kanila, ang pagbitay sa Gomburza ang nagluwal sa henerasyon ng mga propagandistang ilustrado sa Europa. Tinatawag pa nga ni Resil B. Mojares (445) ang henerasyon na ito bilang “henerasyon ng 1872,” na maitatapat din sa sinabi ni Renato Constantino (144; sariling salin): “Sa pagitan ng 1872 at ng pagsiklab ng Rebolusyong Pilipino, isang henerasyon ng mga ilustrado ang nagkagulang” (*“Between 1872 and the outbreak of the Philippine Revolution, a generation of ilustrados came of age”*). Hindi lamang mga propagandista ang tutuntong sa pundasyong ito, kundi maging mga rebolusyonaryo. Ayon kay Nick Joaquin, “Kinikilala pareho ng Propaganda at Himagsikan ang ’72 nang may malaking karangalan; at nang mabilanggo ang mga prayle dulot ng Himagsikan sa Cavite, ang alaala ng ’72 ay malinaw pa rin” (9, sariling salin) (*Both the Propaganda and the Revolution held ’72 in great honor; and when friars fell prisoners to the Revolution in Cavite, the memory of ’72 was still so vivid*). Ang malinaw na alaalang ito ay nakatatak mismo sa *Acta de la proclamación de independencia del pueblo Filipino* (Akta ng pagpapahayag ng kasarinlan ng bayang Pilipino, 1898).

Gayundin, para sa parehong layunin, binitay ang tanyag na mga bayaning Pilipinong pari na sina Doktor Don José Burgos, Don Mariano Gomez at Don Jacinto Zamora, na ang kanilang inosenteng dugo ay dumanak sa bisa ng intriga ng mga tinaguriang relihiyosong korporasyon na ipinaniwala na ang insureksiyon ng hukbo na sumiklab noong gabi ng ikadalawampu’t isa ng Enero 1872 sa tanggulan ng San Felipe sa plaza ng Cavite ay pinasimulan ng mga nasabing martir . . . (sariling salin)

([I]gualmente que para el mismo fin fueron ahorcados los eminentes patricios curas filipinos Doctor Don José Burgos, Don Mariano Gómez y Don Jacinto Zamora, cuya sangre inocente derramada en virtud de intriga de esas corporaciones mal llamadas religiosas que simularon la insurrección militar estallada la noche del veintiuno de enero de mil ochocientos setenta y dos en el fuerte de San Felipe de la plaza de Cavite atribuyéndo su promoción á dicha mártires . . .)

Ngunit hindi lamang nagtatapos sa pagkatawan ng mga pangyayari at kaganapan ang pagiging sagisag ng 1872. Para sa ilang historyador, kinakatawan ng mga pangyayari/kaganapan ng 1872 ang pagsilang ng pambansang kamalayan. Sa

ganitong linya ng pag-iisip, ang 1872 ay nagsisilbing isang akto ng pagkatawan sa pagkatawan—ang 1872 ay isang sagisag ng sagisag.

Para sa Amerikanong iskolar na si James A. LeRoy, ipinausbong ng mga kaganapan sa 1872 ang “ipinaglalaban ng mga Pilipino” (*Filipino cause*), kung hindi man ang “damdamin ng pagkabansa” (*sentiment of nationality*). Ayon kay LeRoy, “Maituturing natin ang pinaglalaban ng kapariang Pilipino bilang bahagi ng kampanya para sa nasyonalismong Pilipino Ang tugon sa 1872 at sa mga agarang sumunod na taon ang nagpatunay nito” (127–28, 167, sariling salin) (“*We may regard the cause of the Filipino clergy as a part of the campaign for Filipino nationalism The reaction of 1872 and immediately subsequent years checked it*”). Para kina Teodoro Agoncillo at Oscar Alfonso, “Ang mga kaganapan ng 1872 ay tinatanaw bilang pagmarka sa paglitaw, sa wakas, ng nasyonalismong Pilipino . . . ang paglitaw ng pambansang kamalayan” (157, sariling salin) (“*The events of 1872 are looked back to as marking the emergence, at long last, of Filipino nationalism . . . the emergence of national consciousness*”). Sa isa pang sulatin, binanggit ni Agoncillo na “ang pagbitay noong 1872 ay nagsilbing tagapanimula na nagluwal ng damdamin ng pagkakaisa sa mga Pilipino” (“*[T]he execution of 1872 served as a catalyst which produced a feeling of unity among the Filipinos*”) (Agoncillo, *Filipino Nationalism* 8, sariling salin). Bagaman hindi direktang ginamit ni Gregorio F. Zaide ang 1872, kinilala naman niya na “ang pagbitay sa mga paring Gomez, Burgos, at Zamora ang nagpaibayo ng pagyabong ng nasyonalismong Pilipino” (Zaide 114, sariling salin) (“*[t]he execution of Fathers Gomes, Burgos, and Zamora hastened the growth of Philippine nationalism*”). Para naman kay Renato Constantino, “minamarkahan ng 1872 ang panibagong yugto para sa sumisibol na kamalayan ng isang hiwalay na pambansang pagkakakilanlan” (Constantino 143, sariling salin) (“*1872 marks a new stage in the growing consciousness of a separate national identity*”).

Kung gayon, ang 1872 ay sagisag na maraming buhay. May sariling “1872” ang 1891 (taon ng paglilimbag ng *El filibusterismo*, na inalay ni Rizal sa Gomburza), ang 1892 (kung kailan ginunita sa *La solidaridad* ang pagbitay sa tatlong pari), ang 1896 (pagsiklab ng Himagsikang Pilipino), ang 1958 (maagang artikulasyon ni Agoncillo tungkol sa 1872 at pambansang kamalayan), at maging ang 2022 (seskisentenaryo ng pagkamartir ng Gomburza). Ang maraming buhay ng 1872

ay saksi rin sa daloy ng pagbubuo ng bayan at ng historiograpiyang makabayan. Sa pagtutuon sa mga 1872 ng iba't ibang panahon, maaari tayong tumungo sa pagsasakonsepto ng kaganapan at pangyayari.

Kaganapan at Pangyayari

Bago natin basahin ang 1872 bilang sagisag ng “pangyayari” o “kaganapan”—o sa higit nating pagtutuunan ng pansin mamaya, “kaganapang di-naganap”—kailangan muna nating bigyan ng kahulugan ang mga konseptong ito, na iisa lamang sa Ingles—*event*. Mahahanap ang kahulugan ng ugat ng mga salitang ito, *ganap* at *yari*, sa mga wika sa Pilipinas at Daigdig Malayo.

Mayroong binuong rekonstruksiyon ang mga lingguwist kung saan posibleng maiugat ang Tagalog *ganap* at iba nitong kamag-anak: ang Proto-Western Malayo-Polynesian protoform **genep* na ang ibig sabih’y “complete; even (of numbers).” Ipinapalagay na nanggaling ang mga Pilipinong salita mula sa Malay *gənap* (completing; rounding off; making up a pair; even, of numbers). Ang Pilipinong cognate set ay binubuo ng Kapampangan *ganáp* (perfect, finished, complete), *maka-ganáp* (can be finished), *ganap-an* (finish something, accomplish something), Pangasinan *genáp* (perfection, complete realization), *a-gnáp* (real), *ka-gnap-án* (realization), *ma-genáp* (ample, sufficient), at Tagalog *ganáp* (complete; perfect; thorough; all-out; total; fulfilled; completed; finished; accomplished; implicit; absolute; full-fledged; of full rank or standing; strict, meaning complete; unqualified; thorough; mature; fully developed), *ma-ganáp* (to be able to fulfill, carry out, or accomplish something), *pag-ka-ganáp*, *ka-ganap-án* (completeness), *ganáp*, *ganap-ín* (to accomplish) (Blust & Trussel).

Hiram din mula sa Malay *jadi* (to come into existence; to become) ang Casiguran Dumagat *yári* (to happen, to do, to make), Tagalog *yári* (affair; event, an important happening; incident; occurrence), at Masbatenyo *man-yári* (to happen) (Blust & Trussel). Bagaman pinag-iiba ni Vito C. Santos at ng *UP Diksiyonaryong Filipino* (UPDF) ang *yári* at *yari*? (*yari* ang baybay ni Santos, *yari* sa UPDF), ipinapakita sa kaso ng Casiguran Dumagat na maaaring magsama ang mga kahulugang “gawa, tapos” at “ugat ng *kapangyarihan* at *pangyayari*” (Santos 2669; *UP Diksiyonaryong Filipino* 955; Blust & Trussel).

Dulot ng mga kahulugang ito, maaari nating mabuo ang ontolohikal na kayarian ng *kaganapan* at *pangyayari*. Ang *kaganapan* ay kumpleto at buo, isang kabuuan o kalagayang tapos nang gawin. Puwede ring hindi pa ito tapos ngunit may tukoy nang mga hangganan o kalalabasan. Wala mang anumang kahulugan ang UP Diksiyonaryong Filipino (400) para sa *kaganapan* na maitatapat sa *pangyayari* o sa Ingles na *event*, taglay naman ng mga entri para rito ang mga kahulugang “katuparan; kalubusan; kabuuan” at “pagiging lubos o perpekto; kabuuan.”

Ang *pangyayari* ay niyayari pa lamang, ginagawa o tinatapos, isang pagbubuo ng bagay na hindi pa yari sa sarili nito kundi patuloy pang niyayari. May konotasyon itong taliwas sa *kaganapan*—maaaring wala itong kinikilalang hangganan, katapusan, o estado ng pagiging ganap o lubos. Higit itong nakatuon sa proseso ng pagyari kaysa sa pinal na produkto nito. Sa ganitong pakahulugan, tinututulan ko ang depinisyon ng *UP Diksiyonaryong Filipino* (650) sa *pangyayari* bilang “bagay na naganap.” Hindi na kailangang lumayo: ang “bagay na naganap” ay walang iba kundi *kaganapan*.⁶

Ngunit hindi lamang nakakulong ang penomenon ng proseso sa *pangyayari*. Maaaring ang *kaganapan* ay binubuo pa ng mas maliliit na *kaganapan* na dumaraan sa proseso ng *pagganap*. Sa ganitong kaso, may tinatakda at tinatahak na *telos* o wakas ng mga bagay ang *kaganapan*. Kapag naganap na ang huling *kaganapan* sa seryeng ito ng mga *kaganapan* na bumubuo ng isang buong *kaganapan*, naganap na ang *Kaganapan* (nasa malaking titik K, upang tukuyin ang kabuuhan ng mga maliliit na *kaganapan*). Sapagkat may nakikitang kauuwang wakas ng mga bagay (*telos*), taliwas ang *kaganapan* sa ideya ng *eventuality* o *consequence*, na nagpapahiwatig ng pasibong estado ng mga bunga o resulta. Ang bawat ibinubunga ng mga *kaganapan* ay palaging papunta sa pagganap ng *Kaganapan*. Gayundin, maaaring ang mga *kaganapan* ay mga indibidwal na “bagay na naganap” na bumubuo sa *pangyayari*. Ngunit taliwas sa *Kaganapan*, ang mga bagay na naganap na nakapaloob sa *pangyayari* ay walang tukoy na hangganan. Maaari itong magbago-bago.

Halimbawa:⁷ tuwing umaga, may isang mamang nagkakape. Ang kaniyang “pagkakape” ay puwede nating ituring na *kaganapan*—isang *kaganapan* na binubuo ng mga hakbang upang *maganap* ito: magpapakulo siya ng tubig sa takure, ilalapag sa banggerahan ang tasa, lalagyan ito ng kape at sangkutsaritang asukar, ibubuhos

ang tubig sa tasa, kukunin ito at tatalungko sa bungad ng bahay at dahan-dahang hihigupin ang kape habang papainat ang umagang araw. Lahat ng gawaing ito ay patungo sa pagganap ng kaganapan—ang pagkakape. Sa pagsimot sa huling patak ng kape nagiging *ganap* na ang *kaganapan* ng pagkakape.

Ngayon, sabihin nating ang pagkakape ng mamang ito ay isa lamang sa mga regular na *kaganapan* na bubuo sa mas malaki pang *Kaganapan*: siya pala ay isang nobelista at ang mga *ritwal* na ito (ang pagkakape, na maaaring samahan ng paglalakad-lakad, pagtulala sa dalampasigan, pag-iimig ng mesang sulatan, pagtatasa ng lapis, at kung ano pa man) ay bahagi pala ng pagsusulat niya ng isang nobela na ilang taon na niyang pinagsisikapang buuhin. Ang “pagsulat ng nobela,” kung gayon, ay ang malaking *Kaganapan* para sa mamang ito. Ito ang gawain na nagbibigay-kahulugan at kabuluhan sa lahat ng kaniyang mga aktibidad—o siguro, maging sa kabuuan ng kaniyang pag-iral. Kapag natapos na ang nobela, *naganap* na ang kaniyang *Kaganapan*; tapos na rin ang kuwento.

Paano naman ang *pangyayari*? Sabihin nating isang araw, habang nagkakape (ang kaniyang regular na *kaganapan*) upang pagkaraa’y makasulat ng nobela (ang mas malaking *Kaganapan*), ay biglang may dumating na dalawang pulis at hinuli siya sa salang hindi naman niya ginawa. O bigla na lamang nawala ang kaniyang alaala at hindi na niya maunawaan kung bakit siya may hawak na sisidlan ng itim na likido sa bungad ng bahay na hindi niya kilala. O ‘di kaya, sa kung ano mang pantastikong dahilan, siya’y biglang naging palakang bukid. Makikita natin sa mga ito na diniskaril ng mga biglaang eksena ang pagganap ng kaganapan/Kaganapan. Dahil hindi na natin mawari o matanaw ang kauwian ng kuwento, ang mga bagay na ito ay matatawag nating *pangyayari*, at hindi *kaganapan*. Sa ganitong konteksto, kakatwa na sabihing “abangan ang mga susunod na kaganapan.” Mas angkop na sabihing “abangan ang mga susunod na pangyayari.” Sino ba ang gaganahang manood ng palabas kung batid na ang magaganap?

Ang ideya ng *kaganapan* ay nakikita na natin noon pa sa ating mga bayani. Binigyang-diin ng historyador na si Zeus A. Salazar ang “tatlong-hating pananaw” ng mga propagandista katulad nina José Rizal, Marcelo del Pilar, at Graciano Lopez Jaena, na kalauna’y mamanahin ng mga rebolusyonaryo, mula kina Andres Bonifacio at Emilio Jacinto hanggang kay Apolinario Mabini. Inilalarawan dito ang panahon ng

liwanag (ng yugtong prekolonyal), na masusundan ng panahon ng dilim (pagdating ng kolonyalismong Espanyol), at kalauna'y pagbabalik ng dating liwanag (dulot ng pagpapalayas sa mga kolonisador sa pamamagitan ng himagsikan). Taglay ng kaisipan ng tatlong-hating pananaw (na minsang isinusuma bilang "liwanag-dilim-liwanag") hindi lamang ang kritikal na pagtingin sa historiograpiyang Pilipino kundi maging ang implisitong linyar na daloy ng panahon at ang pagtatakda ng kinabukasan ng bayang Pilipino. Kung kaya, implisito rin sa tatlong-hating pananaw ang nosyon ng *kaganapan*: magiging *ganap* na ang *kaganapan* ng bayang Pilipino kung sa hinaharap (i.e. panahong "postkolonyal") ay "mapapalayas na ang mga prayle" (Del Pilar/Jaena), "magkakaroon ng mga liberal na reporma" (Del Pilar/Jaena/Rizal), "makakamtan ang kalayaan sa pamamagitan ng rebolusyon" (Rizal/Jaena/Bonifacio), "magiging matuwid ang mga Pilipino" (Mabini), "maidudulot sa bayan ang walang hanggang kasiyahan" (Jacinto) o ano pa mang telos (Salazar 122–25).

Maikukumpara pa natin ang *kaganapan* at *pangyayari* sa iba pang salita mula sa Kanluran. Ang Espanyol na *suceso* ay nangangahulugang "kaganapan, pangyayari; bunga, resulta". Galing ito sa Latin na *successus* na "tahak, daloy (ng oras), lapit; bunga, tagumpay", anyong past participle ng *succedo* na ibig sabihing "umakyat, manggaling sa ibaba; lumakad, sumulong, lumapit; sumunod, pumalit; pumasok, lumusong; palitan".⁸ Mahihinuha natin sa *suceso* ang pagdaloy ng mga magkakaugnay na pangyayari; mga serye ng sanhi at bunga na umaandar katuwang ng panahon. Sapagkat may pakiwaring bukas at nagbabago-bago, mas maitatabi natin ang *suceso* sa ating ideya ng *pangyayari*, kaysa sa sarado't nakatakda nang *kaganapan*. Nang isalin ni O.D. Corpuz ang *Los Sucesos de 1872* ni Manuel Artigas y Cuerva, sinabi niyang

Madaling isalin ang pamagat bilang *The Events of 1872*, ngunit ang Espanyol [na salita] ay nagpapahiwatig ng daloy ng mga pangyayari at ang mga ibinunga nito sa pagdaan ng panahon. Nag-isip at nagsulat si Artigas y Cuerva sa ganitong malawak na pananaw, kung kaya ang saklaw ng *Los Sucesos* ay lumalampas pa sa yugtong bago at pagkatapos ng 1872. (Artigas y Cuerva xi, sariling salin).

(The title is easily enough translated as *The Events of 1872*, but the Spanish connotes a progression of events and their outcomes over time. Artigas y Cuerva conceived and wrote in this broader perspective,

so that the scope of *Los Sucesos* extends far beyond the period just preceding and just after the year 1872.)

Ang Ingles na *event* naman ay galing sa Gitnang Pranses na *event*, mula sa Latin na *eventus* (kaganapan, pangyayari, realidad; bunga, konsekuwensiya, resulta), na hinango sa *ēveniō* (mangyari, maganap; sumapit; mangyari sa isang tao). Ang ugat nito ay *veniō* (pumunta, dumating, maabot; lumapit).⁹ Mahihinuha natin sa mga kasalukuyang pakiwari ng *event* na nalimutan na nito ang konotasyon ng proseso—tulad ng aktibidad ng *pagdating*, *pagsapit*, o *paglapit*. Sa pagsasabing ito ay “a noteworthy happening” o “a social occasion or activity” (Merriam-Webster), humihiwalay ang kontemporaryong ideya ng *event* mula sa mga naunang pakahulugan nito na (1) gawi na karaniwan, di-espesyal, o pang-araw-araw, (2) nagtataglay ng serye ng mga magkakaugnay na pangyayari/kaganapan (sa halip na tiwalag at nag-iisang bagay na nangyari/naganap), at (3) bunga ng mga naunang kaganapan/pangyayari. Sa ganitong limitasyon ng *event* (partikular sa pagkapangngalan nito, dulot ng hulaping *-tus* sa *eventus*), hindi na rin nakagugulat kung may mga palaisip na gagamit ng pagpapandiwa: *event-ing*.¹⁰ Dulot ng kasaraduhan ng *event*, mas maitatapat natin ito sa ating dalumat ng *kaganapan*.

Bagaman may pagtatapat, ibang-iba talaga ang mga dalumat ng *kaganapan* at *pangyayari* sa konsepto ng *event* na matagal nang pinagmumunihan ng mga Kanluraning palaisip.¹¹ Paano, halimbawa, maitatapat sa *kaganapan* o *pangyayari* man (sang-ayon sa pagdadalumat natin sa itaas) ang sinasabi ng isang Kanluraning palaisip na, “Ang *eventfulness* ng *event* ay nakaayon sa karanasang [ito] ng imposible. Anumang makararaan, bilang *event*, ay makararaan lamang kung ito’y imposible. Kung ito ay posible, kung ito ay naaaninag sa hinaharap, hindi ito makakaraan” (Derrida, “A Certain Impossible Possibility” 451, sariling salin) (“*The event’s eventfulness depends on this experience of the impossible. What comes to pass, as an event, can only come to pass if it’s impossible. If it’s possible, if it’s foreseeable, then it doesn’t come to pass*”)? Paano ipapaliwanag itong banyagang bersiyon ng kaganapan (na hindi man lang maaninag ang dulo) sa mga rebolusyonaryong Pilipino na may tinatanaw na malinaw na kaganapan ng paglaya, kung kaya, anuman ang panahon, magrigodon man ang mga mapang-api, mamumutawi pa rin sa bibig ng mga ito ang pahayag na: “Walang paghihimsagik na nabibigo. Ang bawat hakbang ay hakbang patungo sa tamang direksiyon”?¹²

Sa aking palagay, mas mag-uukol ng pansin at lakas ang mga Pilipino sa mga maaari, kaysa sa maglunoy sa imposibilidad. Ang mga “maaari” ay maaari nating ilarawan, sang-ayon sa pagwiwika ng Heswitang pilosopo na si Roque J. Ferriols, bilang *wala* na dumadaplis sa *meron* (Ferriols 10). Maaaring *wala* ngayon pero *meron* na bukas: ang kawalan sa kasalukuyan ay mauunawaan lamang sa konteksto ng kung ano ang inaasahang iiral sa hinaharap. Singnipsis man ng “nakaukit na guhit sa pagitan ng maaari at di-maaari” (Guillermo 56), “nakakagat pa rin [tayo] sa meron ... sapagkat kung hindi ay gagalaw tayo sa wala” (Paluga 21; cf. Ferriols 26). Imposibleng magagap at mapakinabangan ang “ganap na imposible” (Guillermo 56), ang purong *wala*: “Kung wala ang sinagot mo, tapus ang kuwento” (Ferriols 10).¹³

Mailalapat din natin ang mga ito sa ating pag-iisip tungkol sa *kaganapan*—sapagkat may mga *kaganapang hindi naganap*. Ito ay mga bagay o gawain na nakatuntong sa posibilidad. Taglay nito ang mga proto-, posible, at alternatibo, ang mga liban sa nalalabi, ang mga salamisim, panaginip, at guni-guni, ang gunita ng mga maaari, ang mga hinarayang kinabukasan at nakalipas na hindi naisakatuparan. Maitatapat ito sa tinatawag ng ibang iskolar na “negative events” (Casati & Varzi).

Sa pagsasakatuparan ng kaganapan, mayroong mga bagay na naganap at mga bagay na di-naganap. Sa isang banda, ang pagganap ng kaganapan ay naglalaman din ng negasyon nito—ang mga “kaganapang di-naganap.” Kung kaya, nararapat din nating unawain ang kabuuan ng isang kaganapan sang-ayon sa mga bahagi nito na “di-naganap.” Ika nga ng isang Europeong pilosopo, “Para unawain kung ano ang naganap, kailangan mo ring isama ang maaaring naganap, pero hindi naganap ... kung ano talaga ang naganap ay mauunawaan lamang sa tabi ng kung ano ang maaaring naganap.”¹⁴

Dalawang “Kaganapang Di-Naganap” sa 1872

Ating susubuking ilapat ngayon ang konsepto ng “kaganapang di-naganap” sa kaso ng 1872. Nabanggit na natin kanina kung paano narating ng 1872 ang estado ng pagiging sagisag sa unang antas (bilang kinatawan ng mga naganap: ang pag-aalsa at ang pagbitay), at sa ikalawang antas (bilang kinatawan ng *kinakatawan* ng mga naganap: ang pagsilang ng kamalayang makabayan). Para sa gunita at guni-guni ng ilang awtor, hindi lamang mahalaga ang 1872 dahil sa mga naganap, kundi maging sa mga di-naganap. Isa sa mga awtor na ito ay si José Rizal. Sa liham ni

Rizal kay Mariano Ponce at sa mga kasama sa *La solidaridad* noong 18 Abril 1889 mula sa 18 Rue de Rochechouart, París, binanggit niyang:

Kung walang 1872 wala ngayong Plaridel, Jaena, Sancianco, ni walang iiral na mga pangkat ng matatapang at dakilang Pilipino sa Europa; kung walang 1872, naging Heswita sana si Rizal at sa halip na sulatin ang *Noli me tangere*, kabaliktaran nito ang isusulat niya. (*Cartas entre Rizal y sus colegas de la propaganda*, no. 124, 355–58, sariling salin)

(Sin 1872 no habría ahora ni Pláridel, ni Jaena, ni Sancianco ni existiran las valientes y generosas colonias filipinas en Europa; sin 1872, Rizal sería ahora jesuita y en vez de escribir *Noli me tângere*, habría escrito lo contrario.)

Sapagkat dumating ang 1872, hindi naganap ang nasa guni-guni ni Rizal: na naging Heswita sana siya, na siya’y nakapagsulat ng akdang taliwas sa diwa ng una niyang nobela, na walang mga Pilipinong propagandista ang magpapanukala ng reporma para sa kolonya. Sapagkat dumating ang 1872, napatibay nito ang pag-iral ng pakikibaka ni Rizal at mga kasama niyang ilustrado sa Europa. Ayon sa historyador na si Noel V. Teodoro, “Malinaw mula sa sipi na ang taong 1872 ay mahalaga para sa mga Pilipino na lumisan, kung hindi man lumikas, papuntang Espanya para takasan ang konserbatismo ng namamayaning panlipunang kaayusan” (“Rizal and the Ilustrados” 65–66, sariling salin) (“*It is clear from the quotation that the year 1872 was significant to the Filipinos who left, if not fled, to Spain to escape the conservatism of the prevailing social order*”). Gayundin, makikita natin kung gaano kalaganap ang bisa ng 1872 bilang sagisag. Ayon kay Nick Joaquin,

Ang halaga ng ‘72 ay masisilayan sa bisa nito sa iisang tao: si Rizal, kahit na siya ay sampung taong gulang lamang noon. Ngunit dahil ang kaniyang kuya, si Paciano Mercado, ay alagad ni Burgos, nangangahulugan ang ‘72 para kay Rizal ng isang trauma ng pagkabata sa pamamagitan ng pagpapalit-ngalan—mula Mercado patungong Rizal (Joaquin 9, sariling salin)

(The importance of ‘72 can be seen just in its effect on one person: Rizal, though he was only ten years old at the time. But because his brother,

Paciano Mercado, was a disciple of Burgos, '72 meant for Rizal the childhood trauma of a change of a name—from Mercado to Rizal . . .)

Sa isang liham kay Ferdinand Blumentritt, inilarawan ni Rizal ang mga naganap bilang “malungkot na unos ng 1872” (*traurige Katastrophe (1872)*). Aniya, “Isa itong malungkot na kuwento!” (*Er ist eine traurige geschichte!*). Biniro pa ni Rizal ang kaibigang Austriano: nagmumukha pa raw siyang “anak sa labas” (*unlegitimierter Sohn*) dulot ng pagpapalit niya ng pangalan (*Cartas entre Rizal y el profesor Fernando Blumentritt*, no. 104, 509–13; Rizal, *Correspondence with Blumentritt* 265–66). Mahigit isang dekada matapos ang 1872, hindi halos mabigkas ng mga Pilipino ang mga salitang “Kabite” at “Burgos.” “Kaya’t takot ang naghari sa mga Pilipino, lalo na sa mga may pinag-aralan at ang ganitong kalagaya’y nagluwal ng panahon (mula noong 1872 hanggang 1882) na oo nga’t tahimik ngunit katahimikang nangangatal sa takot” (Agoncillo, *Ang Pilipinas* 146). Tahimik ang paligid, ngunit hindi ito nangangahulugang payapa na, o walang galit, poot, ligalig, at takot na maaaring mauwi sa paghihimagsik. Tahimik, ngunit merong nangyayaring pagwiwika sa kawalan ng pagsasalita; isang “nakabibinging katahimikan . . . [na] prekondisyon para sa isang armadong pakikibaka” (Agoncillo, *Filipino Nationalism* 9, sariling salin) (“*the deafening silence . . . a pre-condition to an armed conflict*”). Sa ganitong kaligiran natin maaaring intindihin ang naramdaman o nagagap na lubhang pagbabago—kumbaga isang “rebolusyon” bago pa ang Rebolusyon—na nagtulak kay Gobernador Heneral Rafael Izquierdo na itala ang ganito: “Ngayon, ang mga indio ay hindi na katulad ng dati” (Mojares 445, sariling salin) (“*Today, the Indios are not what they once were*”).

Ang *kaganapang di-naganap* na ikinabit ni Rizal sa 1872 sa isang liham niya noong 1889 ay maipapares sa pahayag ng historyador na si Teodoro Agoncillo noong 1958. Kung para kay Rizal, ang kaganapang di-naganap ang siyang nagbibigay-rason sa kanilang repormistang pagkilos sa dulo ng ikalabinsiyam na siglo, ang kaganapang di-naganap ni Agoncillo ay nagpapabukal naman ng isang panibagong tingin sa historiograpiyang Pilipino. Sa kaniyang artikulong “A Reinterpretation of our History under Spain” sa isyu ng *Sunday Times Magazine* noong 24 Agosto 1958, sinabi niyang,

Kung masinsinang susuriin ang kayarian at nilalaman ng ating kasaysayan sa ilalim ng imperyalistang Espanya, magtataka talaga tayo kung mayroon bang kasaysayan ang Pilipinas bago ang 1872. Sapagkat

ang itinuturing na kasaysayang Pilipino bago ang 1872 ay hindi Pilipino, kundi Espanyol. (Agoncillo, "A Reinterpretation" 6, sariling salin)

(When one examines critically the texture and substance of our history under imperialist Spain one wonders, really, whether the Philippines had a history prior to 1872 or thereabouts. For what has been regarded as Philippine history before 1872 is not Philippine, but Spanish.)

Sapagkat dumating ang 1872, hindi naganap ang patuloy na pagsusulat ng kasaysayan ng Pilipinas mula sa pananaw ng mga Espanyol. Natapos na rin ang *kawalan* ng masasabing "kasaysayang Pilipino." Para kay Agoncillo, dala ng 1872 ang panibago (at kinakailangang) pananaw sa historiograpiya, kundi man ang mismong "kasaysayang Pilipino." Kakambal ng pagpatid sa hininga ng mga paring martir ang pagbubukas sa tinig ng mga Pilipino sa kasaysayan.

Kontrobersiyal ang nasabing pahayag ni Agoncillo, kung kaya, maraming historyador na nagkakamali ng unawa at basa rito (tingnan ang Reyes Churchill vi). Nang tanungin siya ni F. Sionil Jose kung bakit 1872 ("Why 1872?") sa isang panayam noong Marso 1976, ganito ang tugon ni Agoncillo:

Pinili ko ang pagbitay sa Gomburza. Ngayon, hindi ko tinutukoy na wala na [ng nangyari] 'nung bago ang 1872. May ilang tao, niliteral Hindi, ang gusto kong sabihin, e, mayroong kasaysayan pero ang problema ay walang nagsusulat ng kasaysayan kundi ang mga Espanyol at, natural, papaboran ng mga Espanyol ang mga kapwa Espanyol. Napasailalim ang gampanin ng Pilipino. At iyon ang gusto kong ipahiwatig. Kaya, sa pagsisimula lamang ng 1872 nabigyan ng halaga ang papel ng Pilipino, ano. (Ocampo 168, sariling salin)

(I chose the execution of Gomburza. Now, I did not exactly mean that wala na nung pre-1872. Some people, they took me literally No, I mean, eh, there is a history but the trouble is nobody wrote that history except the Spaniards and, naturally, the Spaniards would favor the Spaniards. The role of the Filipino was submerged. That is what I meant. So, only beginning with 1872 was the role of the Filipino really given importance, ano.)

Inilahad naman ng kaniyang anak na si Teodoro Agoncillo III ang konteksto ng ganitong interpretasyon sa panahong iyon ng historiograpiyang Pilipino.

Nang sabihin niyang walang kasaysayang Pilipino bago ang 1872, pinapahiwatig niya na ang historyador, kung may ipinapalagay siyang makabayang pananaw, ay kailangang tumatalakay sa mga kaganapang nag-aambag sa paghubog ng makabayang diwa . . . Ang pinatutungkulan, kung gayon, ay nagpapahiwatig: tumutugon siya sa mga historyador na pinupuno ang kanilang mga aklat ng mga walang kakuwenta-kuwentang kronolohiya tungkol sa ‘kasaysayan ng Espanya o ng mga Espanyol’ sa Pilipinas. (Reyes Churchill vi, sariling salin)

(When he said that there is no Philippine history before 1872, he meant that the historian, if he assumes the nationalist perspective, should deal with events that contributed to the shaping of the nationalist mind . . . The reference, of course, was telling: he was reacting to historians who would fill up their books with nonsensical chronology about ‘the history of Spain or Spaniards’ in the Philippines.)

Sa paghaharaya ng kaganapang di-naganap, si Rizal, baon-baon ang gunita ng 1872, ay nakaharap sa hinaharap. Dahil sa 1872, naglaho ang posibilidad ng kaniyang pagka-Heswita at pagsusulat ng mga reaksiyunaryong akda. Dahil sa 1872, siya ngayon siya: si Rizal ay si Rizal, supling ng ’72. Si Agoncillo, isang historyador na nasa malayong panahon, ay nakatingin naman sa nakalipas. Dahil sa 1872, naglaho ang nangingibabaw na banyagang boses sa historiograpiya. Hudyat na ito ng pagsusulat mula sa sariling pananaw. Hindi katulad ni Rizal, na kung tutuusi’y bahagi pa rin ng *sucesos* ng 1872, si Agoncillo ay nasa ibang panahon na. Ang 1872 ni Agoncillo ay para sa 1958 at kasunod nito: ang panahon ng pagsusulong ng nasyonalistang historiograpiyang Pilipino.

Sa kabuuan, ang mga pahayag nina Rizal at Agoncillo hinggil sa 1872 ay parehong nakatuntong sa negasyon ng *kaganapan*. Hindi ito buo, tapos, o kumpleto sapagkat hindi naman talaga ito “naganap.” Ngunit bahagi ang mga negasyong ito ng proseso ng *pagganap* na bubuo sa mas malaki at pangmatagalang *Kaganapan*—ang pagbubuo ng bayan o bansang Pilipino na naglalayong makarating sa kalagayan, kabuuan, at “kaganapang” parehong maituturing na “bayan/bansa” at “Pilipino.”

Mula “1872” tungong “Gomburza”

Sa kasalukuyan, higit na laganap ang “Gomburza” kaysa sa “1872.” Ang “1872” ay mababasa lamang sa mga piling primaryang batis at akdang historikal; samantala, makikita natin ang “Gomburza” sa ngalan ng mga kalye, pamilihan, at paaralan. Gaya ng nabanggit, nagsilbing tabing ang “1872” para sa mga malalagim na bagay na naganap ngunit hindi dapat pinag-uusapan. Sa sulat ni Rizal kay Blumentritt noong 29 Marso 1887 mula Berlin, binanggit niya ang mga salitang kahanay ng kakila-kilabot na *filibustero*.

Hindi pa ganoon kalaganap ang salitang *Filibustero* sa Pilipinas. Hindi pa rin ito alam ng masa. Nang unang beses kong marinig ang salitang ito, 1872 noon, kung kailan naganap ang mga pagbitay. Naaalala ko pa rin ang sindak na pinukaw ng salitang ito. Ipinagbawal ng aming ama na bigkasin ang salitang ito, maging ang salitang Cavite, Burgos (isa sa mga binitay na pari), at iba pa. Kinakasangkapan ito ng mga pahayagan sa Maynila, gaya ng mga Espanyol, upang gawing kahina-hinala ang sinuman. Ang kahulugan ng salitang ito ay lubos na kinatatakutan ng mga taong-aral. Hindi na tulisan ang kahulugan nito, kundi tulad ng isang mapanganib na anak-bayan, na agad nang bibitayin, o isang taong-aral! (*Cartas entre Rizal y el profesor Fernando Blumentritt*, no. 26, 117–18, para sa buong liham, 114–25, sariling salin)

(Das Wort Filibustero ist noch auf den Philippinen sehr wenig bekannt worden; die niedrige Bevölkerung kennt es noch nicht. Als ich dieses Wort zum ersten Mal hörte war es in 1872 wann die Hinrichtungen stattgefunden haben. Ich erinnere mich noch das Erschrecken welches dieses Wort weckte unser Vater hat um verboten dieses Wort auszusprechen ebenso wie das Wort Cavite, Burgos (der hingerichtete Priester) etc. Die Zeitungen Manilas wie die Spanier gebrauchen es um einen verdächtig zu machen. Die Bedeutung dieses Wortes ist von den eingebildeten [*sic*] Klassen sehr gefürchtet: free booters ist nicht mehr seine Bedeutung, sondern so was wie ein gefährlicher Patriote, welcher in kurzer Zeit [?] aufgehängt wird, oder ein eingebildeter [*sic*] Mensch!)¹⁵

Makikita rin ang pag-iwas ni Rizal sa pagbanggit kay Padre Burgos sa isang eksena sa *Noli me tângere* (1887). Nag-uusap dito ang mag-asawang Tinong at Tinchang, kaugnay ng mga panganib na dala ng pagtugis kay Juan Crisostomo Ibarra.

“Ngunit hindi mo ba nabasa ang sabi ng *El Diario*? Basahin mo! ‘Ang buktot at imbing kataksilan ay nasupil nang buong sigasig, dahas at bagsik, at agad naramdaman ng mga rebeldeng kaaway ng bayan at ng kanilang mga kasabwat ang bigat at higit ng batas . . .’ Kita mo? Wala nang pag-aalsa.”

“Kahit na, dapat kang humarap, gaya ng ginawa nila noong 1872, at naligtas sila.”

“Oo, ginawa rin iyo ni Padre Burg . . .”

Subalit hindi niya natapos ang sasabihin. Tinakbo siya ng babae upang takpan ang bibig.

“Hala! Bigkasin mo ang pangalang iyan upang bukas din ay bitayin ka sa Bagumbayan! Hindi mo ba alam na sapat nang bigkasin lang iyan upang mahatulan ka nang walang paglilitis? Hala, bigkasin mo!” (Rizal, *Noli Me Tangere* 371)

Ang atmospera ng kawalang-tiwala (*desconfianza*), takot (*miedo*), lagim (*terror*), at laganap na pagkabalisa (*panico general*), sa paglalarawan ni Sancianco (112), ang simpleng sagot sa suspetsosong tanong ni Nick Joaquin: “Kung siya [Rizal] ay labis na nahuhumaling sa ’72—at maraming reperensiya sa kaganapan sa parehong nobela niya—bakit pangalawa niya, hindi unang, nobela ang inilaan niya sa alaala nito?” (Joaquin 9, sariling salin). (“*If he [Rizal] was so obsessed with ’72—and there are numerous references to the event in both his novels—why was it his second, not his first, novel that he dedicated to its memory*”). Gaya nga ng nabanggit, wala na ang ganitong pakiramdam ng “katahimikang nangangatal sa takot” (Agoncillo, *Ang Pilipinas* 146) sa sumunod na nobela ni Rizal. Sa pambungad ng *El filibusterismo* (1891), tahasan niyang inalay ang mga pahina “sa gunita ng mga pari” (*a la memoria de los presbíteros*).

Sa Alaala

ng mga Presbitero Don Mariano Gomez (85 taon)

Don José Burgos (30 taon)

Don Jacinto Zamora (35 taon)

Binitay sa Patibulo ng Bagumbayan
noong 28 ng Pebrero, 1872.

Dahil sa pagtanggap dustain kayo, nagdulot ng alinlangan ang Relihiyon sa krimeng ibinintang sa inyo; dahil binalot sa hiwaga at mga anino ang inyong usapin, lumikha ang Gobyerno ng paniwala na may naganap na pagkakamali sa napakaselang mga yugto; at dahil sinamba ang inyong alaala at tinawag kayong mga martir, kumikilala kahit paano ang buong Filipinas sa inyong pagkakasala.

Sa gayon, hanggang hindi malinaw na naipakikita ang inyong pagkakasangkot sa kaguluhang Kabitenyo, mga bayani man kayo o hindi, itinaguyod man ninyo o hindi ang mga kaisipan ukol sa katarungan at mga kaisipan ukol sa kalayaan, may karapatan akong ihandog sa inyo ang aking akda bilang mga biktima ng kasamaang nais kong sagupain. At samantalang hinihintay naming ang araw na ibalik ng Espanya ang inyong dangal at hindi makiisa sa inyong kamatayan, bayaang maglingkod ang mga pahinang ito bilang nahuling korona ng mga dahong tuyo sa ibabaw ng inyong kinaligtaang libingan, at maging batik nawa ang inyong dugo sa mga kamay ng mga tumutuligsa sa inyong alaala kahit walang sapat na katibayan! (Rizal, *El Filibusterismo* iii)

Bumalik si Rizal sa Pilipinas isang taon matapos ang pagkakalathala ng *El filibusterismo*. Dulot ng mga subersibong polyetong natagpuan sa mga gamit ng kaniyang kapatid na si Lucia, ipinatapon si Rizal sa Dapitan noong Hulyo 1892. Panahon ito ng unti-unting paghina ng kilusang reporma sa Espanya, at pag-usbong naman ng rebolusyonaryong kilusan, ang Katipunan. Tulad ni Rizal sa panimula ng kaniyang ikalawang nobela, hindi na idinaan pa ng mga rebolusyonaryo sa tabing ng “1872” ang kanilang paggunita. Bagkus, tahasan nilang pinangalanan ang mga paring martir na kanilang inaalala, itinatangi, at ipaghihiganti. Maliban sa paggamit

sa “Gom-Bur-Za” bilang password ng mga kasaping *Kawal* sa Katipunan (Agoncillo, *The Revolt of the Masses* 48–49), laman din ang pangalang ito ng mga dokumento ng kilusan. Mababasa sa *Kasaysayan; Pinag-kasundoan; Manga dakuilang kautusan* (Agosto 1892) ang pagbanggit sa tatlong pari.

Kaya sa manga iniitong kong kapatid na si Gomez, Burgos at Zamora na nangalait sa pag sintang lubos sa ating bayang Pilipinas at sa manga ngayoy nawawakawak, nag durusa at nanga matay ang iba sa deportasion, inihahandog ang aming puso at buhay sa pag damay sa ilalim nang isang mahigpit at dakilang Katipunang itatatag ngayon sa pag pipigitang maagao sa kukong masakim nang manga Kastila itong ating bayan at matimawa sa hirap gaya nang kanilang nais napinag karamayan nang kanilang sariling bayan. (Richardson 26)

Inilaan para sa sana’y ikalawang isyu ng *Kalayaan*, ang sanaysay na *¡¡¡ Gomez, Burgos, Zamora!!!* (30 Agosto 1896) ni Emilio Jacinto ay parehong pag-alala at pag-aalay sa tatlong pari. Mababasa sa pambungad pa lamang nito ang poot na humihimok ng pagkilos.

¡Gomez, Burgos, Zamora!

¡Mga kababayang inihayin ng kasukaban sa tamparasang sungit ng mga mangyayaring lumulupig sa ating Bayan!

¡Tatlong maningning na ilaw na pinatay ng makamandag na hihip ng sama!

¡Ang kanilang buhay, ang mahalaga nilang buhay ay nilagot sa kalupit-lupit na bibitayan nang ikalabing anim ng Febrero ng taung isang libo, walong dan, pitong puo’t dalawa!

¡Kailan ma’y di napapanood ng langit ang gayong kalaking kataksilang linsil!

¡Gawang di lilimutin magpahangang kailan man ng bayang tagalog!
¡Araw na napakarawal at kalagim-lagim! (Richardson 207–208)

Katulad ng “nakabibinging katahimikan” (Agoncillo, *Filipino Nationalism* 9) matapos ang kaganapan ng 1872, mahihinuha rin sa isang bahagi ng sanaysay ni Jacinto ang ideya ng *nawawalang-meron*. Binanggit niyang “hindi namamatay, hindi nawawala” ang katotohanang pinagbuwisan ng buhay ng tatlong pari. Sa pahayag na “ang nangyaring kakila-kilabot ay hindi pa natatapus,” ipinapakita ni Jacinto ang patuloy na paggulong ng mga pangyayaring nagtataglay ng kawalang-katuwiran, at bilang *pangyayari*, ito ay mga bagay na hindi makikitaan ng malinaw na katapusan. At ano pa nga ba ang sagot sa walang katapusa’t kakila-kilabot na pangyayari kundi paghihimagsik?

Ang mga buhay ni Gomez, ni Burgos at ni Zamora ay nautas, datapua’t ang mga katutuhanang pinangugulan ng mga buhay na iyan ay hindi namamatay, hindi nawawala [...]

Si Gomez, si Burgos at si Zamora ay natutong mamatay dahil sa kanilang mga kababayan at dahil sa lupang tinubuan. Ang kanilang mga kababayan kaya nama’y hindi matututong mamatay dahil sa lupang tinubuan at dahil sa kanila?

Tanung itong may kahirapan sagutin; datapua’t ang nangyaring kakila-kilabot ay hindi pa natatapus ... (Richardson 209)

Minsang ipinunto ng kakapanaw lamang na historyador na si Pierre Nora ang pagkakaiba ng gunita at kasaysayan: “Ang gunita ay walang hanggang aktuwal na penomenon, isang bigkis na itinatali tayo sa walang hanggang kasalukuyan; ang kasaysayan ay isang pagkatawan sa nakalipas. Ang gunita, hangga’t ito’y madamdamin at mahiwaga, ay tinatanggap lamang ang mga katotohanang umaayon dito Ang kasaysayan, dahil ito ay isang produksiyong intelektuwal at sekular, ay nanawagan ng panunuri at puna” (Nora 8–9, sariling salin) (“*Memory is a perpetually actual phenomenon, a bond tying us to the eternal present; history is a representation of the past. Memory, insofar as it is affective and magical, only accommodates those facts that suit it . . . History, because it is an intellectual and secular production, calls for analysis and criticism*”). Sa kaso nina Rizal, Jacinto, at maging sa mga lumagda sa *Acta*, hindi na ganoon kaimportante ang katiyakan ng mga petsa, o kung sino ang may sala. Dagdag pa ng isang historyador, “Ang pag-aalsa sa Cavite

ay marahil magpapatuloy bilang isa sa mga palaisipan sa kasaysayang Pilipino” (Arcilla 142, sariling salin) (“*The Cavite mutiny will perhaps continue as one of the riddles of Philippine history*”). Ang mahalaga, kung gayon, ay ang kabuluhan nito sa “walang hanggang kasalukuyan” (*eternal present*). Ang puwersa ng kasaysayan ang nagdudulot sa atin ng pang-unawa, at gunita naman ang nagtutulak sa atin na kumilos, gumawa, at gumanap.

Mga Tala

- 1 Sa kaniyang aklat na *Age of Extremes*, kinikilala ng historyador na si Eric Hobsbawm ang panahon ng Unang Digmaang Pandaigdig hanggang sa pagkakalagas ng Unyong Sobyet (1914–1991) bilang “maiksing siglo 20,” na sumusunod sa “mahabang siglo 19,” na magsisimula sa Himagsikang Pranses at magtatapos sa pagsiklab ng Unang Digmaang Pandaigdig (1789–1914) (Hobsbawm 5–6).
- 2 Ang Heswitang historyador na si Padre John N. Schumacher ang maituturing na pangunahing awtoridad hinggil sa kuwento ng 1872. Tingnan ang kaniyang kabanatang “Burgos and the Equality of Filipino and Spaniard, 1864–72” (*Revolutionary Clergy* 13–32), kabanatang “Published Sources on the Cavite Mutiny” (*The Making of a Nation* 71–90), at bahaging “The Filipino Clergy and the Cavite Mutiny” (*The Propaganda Movement* 5–9), gayundin ang mga espesipikong pag-aaral tungkol kay Burgos tulad ng “The Authenticity of the Writings Attributed to Father José Burgos” (*The Making of a Nation* 44–70), at “The Burgos *Manifiesto*: The Authentic Text and Its Genuine Author” (*Growth and Decline* 125–246).
- 3 Lumabas sa mga pamilihan ang *Die Geburt der Tragödie* ni Nietzsche noong Enero 2, apatnapu’t anim na araw bago ang pagbitay sa Gomburza. Mukhang matingkad ang ugnayan ng 1872 at *Die Geburt der Tragödie* para sa palaisip na si Jacques Derrida, kung kaya ganito niya sinimulan ang akdang *Spurs: Nietzsche’s Styles*: “Depuis Bâle, en soixante douze (Naissance de la tragédie), Nietzsche écrit à Maldiva von Meysenburg” (From Basel in seventy two (*The Birth of Tragedy*) Nietzsche writes to Malvida von Meysenburg) (Derrida, *Spurs* 34–35).
- 4 Ang nararapat na petsa ng pagbitay ay noong Pebrero 17. Ang pagkakamaling ito ay maaaring nakuha nina Marcelo del Pilar (noo’y patnugot ng *La solidaridad*) at kaniyang kasamahan sa ulat ni Edmund Plauchut na muli rin nilang inilathala sa parehong isyu. Magpapatuloy ang ganitong pagkakamali sa petsa sa sanaysay ni Emilio Jacinto, “¡¡¡Gomez, Burgos, Zamora !!!” (30 Abril 1896) (Richardson 209–10, talababa 3).
- 5 Mali rito si Sancianco: ang totooang petsa ng pagsiklab ng insureksiyon ay Enero 20.
- 6 May tanikala ng mga entri na maaaring magpaliwanag kung paano kinokonseptuwalisa ng mga gumawa ng UPDF ang *pangyayari vis-à-vis kaganapan: pangyayari* “bagay na naganap” (650) > *ganáp* “pagtupad; paggawa”/ *ganáp* “1: taglay ang lahat ng bahagi: buo, husto, kompleto, lubos, perpekto, quite. 2: nasa takdang oras: lubos” (283) > *kaganápan* “1: katuparan. 2: kalubusán; kabuuan. 3: salita o mga salita na ginagamit upang mabuo ang kahulugan ng pangungusap, lalo na ang layon sa panag-uri: complement. 4: kagampan” / *kaganapán* pagiging lubos o perpekto; kabuuan’ (400). Makikita rito na walang nabuong loop mula sa *kaganapan* pabalik sa *pangyayari*. Para sa UPDF, hindi sinonimo ng *kaganapan* ang *pangyayari*, ngunit maaari kang makarating sa *kaganapan* kung magsisimula ka sa *pangyayari* (bilang “bagay na naganap”). Maaaring nagbatay ang mga gumawa ng UPDF sa entring *kaganapan* ni Vito C. Santos sa kaniyang diksyonaryo noong 1978 (Santos 243). Lalo pang titingkad ang problemang ito sa UPDF kung ikokonsidera ang mga kasalukuyang pagwiwika: ginagamit na ang pinaikling *ganap* para sa mga okasyon o aktibidad, kundi man sa simpleng pangungumusta tungkol sa mga kasalukuyang pangyayari. Maririnig natin, halimbawa, ang mga pagwiwikang,

“Anong ganap mo ngayon?” o “May ganap ba mamaya?” (Tinatawag ang penomenong pangwika na ito (i.e. *kaganapan* > *ganap*) bilang “backformation”). Para sa mga kahawig na problema ng UPDF, tingnan ang artikulo nina Guillermo, Cajote, at Logronio.

- 7 Upang simplehan ang punto, gumamit ako rito ng linyar na pagpapanahon. Siyempre, hindi nito lubusang nasasaklaw ang masalimuot na relasyon ng banghay (*plot*) at panahon—ngunit sasapat na ito para ipaliwanag sa nais kong sabihin. Binigyang-pansin na ng ilang historyador ang ugnayan ng panahon at banghay. Tingnan, halimbawa, ang kaisipan ng siklikal at linyar na pagpapanahon na tinalakay ni Zeus A. Salazar sa “A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippines History,” na tatalakayin din mamaya, gayundin ang pagbasa ni Noel V. Teodoro sa pamamayani ng siklikal na daloy sa damdaming historikal sa mga kuwento nina Manuel Arguilla at Carlos Bulosan sa artikulong “Panitikan at Kasaysayan noong Dekada 30.” Bahagyang iniugnay sa eksistensiyalistang pagtingin ng mga Pranses na historyador na sina Fernand Braudel at Emmanuel Le Roy Ladurie, idiniin ni Teodoro na sa mga kathang ito na nakapook sa kanayunan, “madarama sa maraming pagkakataon na gumalaw dili ang kasaysayan, nakapirme, hindi tumitinag,” “maipalagay na hindi nagbabago at kung magbago man ay lubhang napakatagal,” at “[s]a ganitong konteksto, lumilitaw na halos walang kalayaan ang tao sa harap ng mga di matatakasang pangyayari sa kalikasan” (Teodoro, “Panitikan at Kasaysayan” 217–219). Pansinin din ang magaling na pagpapaliwanag ni Benedict Anderson (bahaging “Apprehensions of Time,” sa kabanatang “Cultural Roots,” 22–36) sa ideya ng “simultaneity” na makikita sa dalawang supling ng *print-capitalism*—ang nobela at ang diyaryo—na kaniya ring inugnay sa pagsilang ng mga bansa o “mga hinarayang pamayanan” (*imagined communities*).
- 8 Espanyol *suceso* m (plural *sucesos*) “event, happening” < Latin *successus* m (genitive *successūs*) “course, flow (of time), approach; outcome, success” < *succēdō* (present infinitive *succēdere*, perfect active *successī*, supine *successum*); third conjugation “to climb, mount or ascend, go from under; go up; to march on, advance, march up to, approach; to follow, succeed in, to relieve (with dative of the thing or person being succeeded); to enter, go under, come under; to be succeeded by” < Latin *sub-* “under, below” + *cēdō* (present infinitive *cēdere*, perfect active *cessī*, supine *cessum*), third conjugation “to go, move, proceed, go along, move along; to result, turn out, happen, yield; to withdraw, depart, retire, go away from, yield; to withdraw, fall back, give up one’s post, yield; to disappear, pass away, vanish; (of time) to pass, elapse (in the 3rd person, with time as subject); to cede, give in or yield (to), step aside (for), give way (to); to be inferior to, yield to in rank; to concede, give up, allow, permit something to someone, grant, surrender, yield” (Wiktionary).
- 9 Ingles *event* < Gitnang Pranses *event* < Latin *ēventus* “event, occurrence, reality; outcome, consequence, result” < Latin *ēveniō* + *-tus* (suffix forming action nouns from verbs) < Latin *ēveniō* (present infinitive *ēvenīre*, perfect active *ēvenī*, supine *i*); fourth conjugation, impersonal in the passive “to happen, occur; to come forth; to happen to, befall (someone); to be allotted to (someone)” < Latin *ex-* “out of” + *veniō* “to come (to a place), come in, arrive, reach; to approach” (Wiktionary).
- 10 Bagaman hindi gumamit mismo ng *event-ing*, makikita sa sulatin ni Raniela E. Barbaza ang pagpapandiwa para magsulong ng mga konsepto, tulad ng “words-ing” (hango kay Bakhtin) at “self-ing” (9, 11). Gayundin ang mga gumagalugad sa mga kaisipan ni

Martin Heidegger, tulad, halimbawa, ni Micah Jeiel R. Perez na gumagamit ng “be-ing,” “presencing,” at “is-ing” sa kaniyang sanaysay na *The Event of Giving: An Exposition of Ereignis in the Time of Gestell*.

- 11 Paano kaya iintindihin ang napakalawak na pakahulugan ng Wikipedia para sa pilosopikal na *event*? “In philosophy, events are objects in time or instantiations of properties in objects.” Higit na mabunga ang lapit nina Roberto Casati at Achille Varzi ng Stanford Encyclopedia of Philosophy sa pagtalakay ng *event*, kung saan ipinares nila ito sa iba pang kaugnay na kategorya tulad ng *objects, facts, properties*, at *times*, at tinalakay ang mga uri nito, gayundin ang kanilang metapisika at semantika.
- 12 Mula kay Salud Algabre (1894–1979), isang kasapi ng kilusang Sakdal na lumaban sa kolonyalismong Amerikano (galing sa Camagay 143; binanggit din ang pahayag sa Guillermo 61).
- 13 Ginamit ni Ramon Guillermo ang halimbawa ni Juan Crisostomo Ibarra, sa pakikipag-usap kay Elias, kung paano “tinapos [nitong una] ang kuwento” sa pagsasabing “hindi magagawa” (*es imposible*), “hindi mangyayari” (*utopico*), at “hindi natin matatamo” (*no lo conseguiremos*) ang mga “drastikong pagbabago” (*reformas radicales*) na hinihibik ng mga tulisan. Hindi matanggap ni Elias ang ganitong “ganap na imposibilidad” kung kaya tinugon niya na ang nararapat na “pakikinig, pakikiisa, at pagtataguyod sa laban ng bayan” (Guillermo 53–55).
- 14 “To understand what happens you have to include what might have happened, but didn’t happen . . . what really happens can only be understood against the background of what might have happened” (Slavoj Zizek, sa FFT Düsseldorf).
- 15 Mukhang ipinagkamali ni Rizal ang [*die*] *Gebildeten* ‘the educated classes, the intelligentsia, the literati’ at *gebildeter* ‘educated; cultured, cultivated; well-bred, refined; accomplished; well-read’ sa *eingebildet* ‘conceited, self-important, big-headed; arrogant, supercilious; imaginary; false’ (Langenscheidt). Hindi pa mawari kung ano ang *kurzer Zeit*—ito kaya ay *zurzeit* ‘at the moment; at present, now, for the time being’ (Langenscheidt)? Para sa salin sa Filipino, nagbatay na lamang ako sa Espanyol na salin ng Comisión Nacional del Centenario de José Rizal, na gumamit ng *clase ilustrada* at *pronto*, maging ang terminong *las masas* bilang katumbas ng *niedrige Bevölkerung* ‘low population/people.’ Lubos na pasasalamat kay Ramon Guillermo para sa pagwawasto at paliwanag, gayundin kay Vincci Santiago.

Sanggunian

- "Acta de la proclamación de independencia del pueblo Filipino (1898)." *National Library of the Philippines Digital Collection*, nlpdl.nlp.gov.ph/RB01/RB120120411/home.htm. Accessed 30 May 2023.
- Agoncillo, Teodoro A. *The Revolt of the Masses: The Story of Bonifacio and the Katipunan*. University of the Philippines P, 1956.
- Agoncillo, Teodoro A. "A Reinterpretation of our History under Spain." *Sunday Times Magazine*, 24 Agosto 1958, pp. 6–9.
- Agoncillo, Teodoro A. *Filipino Nationalism 1872–1970*. R.P. Garcia Publishing, 1974.
- Agoncillo, Teodoro A. *Ang Pilipinas at ang mga Pilipino: Noon at Ngayon*. Garotech Publishing, 1980.
- Agoncillo, Teodoro A. at Oscar Alfonso. *A Short History of the Philippines*. University of the Philippines, 1960.
- Alip, Eufronio M. *Tagalog Literature: A Historico-Critical Study*. U.S.T. P, 1930.
- Anderson, Benedict. *Imagined Communities*. Anvil Publishing, 2003.
- Arcilla, José S. *Rizal and the Emergence of the Philippine Nation*. Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 1991.
- Artigas y Cuerva, Manuel. *The Events of 1872: A Historico-Bio-Bibliographical Account*. Isinalin ni O. D. Corpuz, University of the Philippines P, 1996.
- Barbaza, Raniela E. *An Orosipon kan Bikolnon: Interrupting the Philippine Nation*. University of the Philippines P, 2017.
- Blair, Emma Helen, at James Alexander Robertson, mga editor. "Events in Filipinas, 1841–1872." *The Philippine Islands 1493–1898*, vol. LII – 1841–1898, The Arthur H. Clark Company, 1907, pp. 208–16.
- Blust, Robert, at Stephen Trussel. *Austronesian Comparative Dictionary*, 2020, www.trussel2.com/ACD/acd-w_a.htm. Accessed 30 May 2023.
- Camagay, Maria Luisa T. "Salud Algabre: A Forgotten Member of the Philippine Sakdal." *Nasa Women in Southeast Asian Nationalist Movements*, inedit nina Susan Blackburn at Helen Ting, National University of Singapore P, 2013, pp. 124–46.
- Cartas entre Rizal y el profesor Fernando Blumentritt*. Primera parte, Comisión Nacional del Centenario de José Rizal, 1961.
- Cartas entre Rizal y sus colegas de la propaganda*. Primera parte, Comisión Nacional del Centenario de José Rizal, 1961.
- Casati, Roberto, at Achille Varzi. "Events." *The Stanford Encyclopedia of Philosophy*, inedit nina Edward N. Zalta at Uri Nodelman, 2025, plato.stanford.edu/archives/sum2025/entries/events/. Accessed 21 July 2025.
- Derrida, Jacques. "A Certain Impossible Possibility of Saying the Event." *Critical Inquiry*, Vol. 33, No. 2, 2007, pp. 441–61.
- Derrida, Jacques. *Spurs: Nietzsche's Styles*. The University of Chicago P, 1979.
- "Event (philosophy)." *Wikipedia*, [https://en.wikipedia.org/wiki/Event_\(philosophy\)](https://en.wikipedia.org/wiki/Event_(philosophy)). Accessed 21 June 2025.
- Ferriols, Roque J. *Pambungad sa Metapisika*. Ikalawang edisyon, Office of Research and Publications, Ateneo de Manila University, 2002.

- FFT Düsseldorf. "What did you do with my text?' - Slavoj Žižek & Felix Ensslin @FFT Düsseldorf, 24.01.2020." *Youtube*, pinaskil ng FFT Düsseldorf, 30 Mar. 2020, www.youtube.com/watch?v=Fwhjq5G1bt0. Accessed 21 June 2025.
- Guerrero, Amado. *Philippine Society and Revolution*. Aklat ng Bayan, Inc., 2005.
- Guillermo, Ramon. "Mas Lulubha ang Ating Lagay, Kung Hindi Tayo Naniniwalang Pwedeng Baguhin ang Buhay': Ang Kongkretong Pagsusuri sa Kongkretong Kalagayan." *Nasa Mula Palengke Patungong Paaralan: Critical, Nationalist, and Democratic Pedagogy in the Philippines*, inedit nina Francisco Jayme Paolo A. Guiang, Jose Monfred C. Sy, Patricia Ruth P. Jasmin, at Gerardo M. Lanuza, IBON Foundation, 2024, pp. 53–63.
- Guillermo, Ramon G., Rhandley D. Cajote, at Aristeo Logronio. "UP Diksiyunaryong Filipino: Sinonismong Walang Hangganan." *Daluyan: Journal ng Wikang Filipino*, Espesyal na Isyu, blg. 2, 2015, pp. 54–71.
- Hobsbawm, Eric. *Age of Extremes: The Short Twentieth Century 1914–1991*. Abacus, 1995.
- Joaquin, Nick. *A Question of Heroes*. Anvil Publishing, 2005.
- Langenscheidt*. <https://en.langenscheidt.com/>. Accessed 21 June 2025.
- La Solidaridad*. Sinalin ni Guadalupe Fores-Ganzon, vol. IV, 1892, Fundación Santiago, 1996.
- LeRoy, James A. "The Philippines, 1860–1898—Some Comment and Bibliographical Notes." *The Philippine Islands 1493–1898*, inedit nina Emma Helen Blair at James Alexander Robertson, vol. LII – 1841–1898, Arthur H. Clark, 1907, pp. 110–207.
- Merriam-Webster*. <https://www.merriam-webster.com/>. Accessed 30 Oct. 2024.
- Mojares, Resil B. *Brains of the Nation: Pedro Paterno, T.H. Pardo de Tavera, Isabelo de los Reyes and the Production of Modern Knowledge*. Ateneo de Manila UP, 2006.
- Nora, Pierre. "Between Memory and History: Les Lieux de Mémoire." *Representations*, no. 26, Special Issue: Memory and Counter-Memory, 1989, pp. 7–24.
- Ocampo, Ambeth R. *Talking History: Conversations with Teodoro A. Agoncillo*. University of Santo Tomas Publishing House, 2011.
- Paluga, MJ. "Mga Talâ at Tanong sa (Di-Buong) Pag-aagham-tao." *hal.*, Isyu 1, 2012, pp. 15–89.
- Perez, Micah Jeiel R. *The Event of Giving: An Exposition of Ereignis in the Time of Gestell*. Di-nailathalang papel, w.p.
- Reyes Churchill, Bernardita. "Preface." *Nasa Teodoro A. Agoncillo, History and Culture, Language and Literature: Selected Essays of Teodoro A. Agoncillo*, inedit ni Bernardita Reyes Churchill, University of Santo Tomas Publishing House, 2011, pp. v-viii.
- Richardson, Jim. *The Light of Liberty: Documents and Studies on the Katipunan, 1892–1897*. Ateneo de Manila UP, 2013.
- Rizal, José. *Noli Me Tangere*. Sinalin ni Virgilio S. Almario, Adarna House, 1999.
- Rizal, José. *El Filibusterismo*. Sinalin ni Virgilio S. Almario, Adarna House, 1999.
- Rizal, José. *Correspondence with Blumentritt*, vol. 1, National Historical Commission of the Philippines, 2011.
- Salazar, Zeus A. "A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippine History." *Nasa The Ethnic Dimension: Papers on Philippine Culture, History and Psychology*, inedit ni Zeus A. Salazar, Counselling Center for Filipinos, Caritas Association for the City of Cologne, 1983, pp. 107–26.

- Sancianco y Goson, Gregorio. *El progreso de Filipinas: Estudios económicos, administrativos y políticos*. Imprenta de la Viuda de J.M. Perez, 1881.
- Santos, Vito C. *Vicassan's Pilipino-English Dictionary*. National Book Store, 1978.
- Schumacher, John N. *Growth and Decline: Essays on Philippine Church History*. Ateneo de Manila UP, 2009.
- Schumacher, John N. *Revolutionary Clergy: The Filipino Clergy and the Nationalist Movement, 1850 - 1903*. Ateneo de Manila UP, 1981.
- Schumacher, John N. *The Making of a Nation: Essays on Nineteenth-Century Filipino Nationalism*. Ateneo de Manila UP, 1991.
- Schumacher, John N. *The Propaganda Movement 1880-1895: The Creation of a Filipino Consciousness, The Making of the Revolution*. Ateneo de Manila UP, 1997.
- Tan, Samuel K. *A History of the Philippines*. University of the Philippines P, 1987.
- Teodoro, Noel V. "Panitikan at Kasaysayan noong Dekada 30." *Nasa Kasaysayan at Kamalayan: Mga Piling Akda Ukol sa Diskursong Pangkasaysayan*, inedit nina N.M.R. Santillan at M.B.P. Conde, Limbagang Pangkasaysayan, 1998, pp. 215 - 29.
- Teodoro, Noel V. "Rizal and the *Ilustrados* in Spain." *Asian and Pacific Migration Journal* vol. 8, no. 1-2, 1999, pp. 65-66.
- UP Diksiyonaryong Filipino*. Sentro ng Wikang Filipino, Sistemang Unibersidad ng Pilipinas at Anvil Publishing, 2001.
- Wiktionary*. <https://www.wiktionary.org/>. Accessed 30 Oct. 2024.
- Zafra, Nicolas. *A Short History of the Philippines for Elementary Schools*. Alemar-Phoenix Publishing House, 1966.
- Zaide, Gregorio F. *Philippine Political and Cultural History*. Volume II: The Philippines since the British Invasion. Philippine Education, 1957.

Si **Emmanuel Jayson V. Bolata** (evbolata@up.edu.ph) ay nagtuturo ng kasaysayan sa Departamento ng Kasaysayan, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nagtapos siya ng BA (History) noong 2018 at MA (History) noong 2024 sa parehong institusyon. Nagwagi ang kaniyang tesis, *Filipino Reception and Appropriation of Modern Astronomical Knowledge, 1859-1958*, ng unang gantimpala sa 4th Loretta Makasiar Sicut Prize for the Social Sciences. Kabilang sa kaniyang mga interes sa pananaliksik ang kasaysayang kultural ng agham (astronomiya at kosmolohiya), araling pampanitikan (epiko, panulaan, panitikang pambata, at digital humanities), at ang kasaysayang pampook ng kaniyang lalawigan, Marinduque.